| MATATAG Kto10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | 2 |
|---|---|---|---|---|
| | Guro: | | Asignatura: | **GMRC** |
| | Petsa: | | Markahan/Linggo: | Q1-WEEK 5 |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW | KALIMANG NA ARAW |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pansariling panalangin. | | | | |
| **B. Pamantayang Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang pagbuo ng sariling panalangin para sa ikabubuti ng sarili at kapuwa bilang tanda ng pagiging madasalin. | | | | |
| **C. Mga Kasanayang Pampagkatuto** | Naipakikita ang pagiging madasalin sa pamamagitan ng pagbabahagi ng sariling panalangin.<br>a. Nakapagbibigay ng mga mabuting dulot ng pansariling panalangin.<br>b. Napatutunayan na ang pansariling panalangin ay paraan ng pakikipag-ugnayan upang maipahayag an pagkilala, pasasalamat, at pagmamahal sa Diyos.<br>c. Nakabubuo ng sariling panalangin para sa ikabubuti ng sarili at kapuwa | | | | |
| **D. Mga Layunin** | 1) Nakapagbibigay ng mga mabuting dulot ng pansariling panalangin.<br>2) Nakakikilala na ang pansariling panalangin ay paraan ng pakikipag-ugnayan upang maipahayag ang pagkilala, pasasalamat, at pagmamahal sa Diyos na naipakikita ang **pagiging madasalin.**<br>. | 1) Nakakikilala ng mga mabuting dulot ng pansariling panalangin.<br>2) Naiuugnay na ang pansariling panalangin ay paraan ng pakikipag-ugnayan upang maipahayag ang pagkilala, pasasalamat, at pagmamahal sa Diyos na naipakikita ang **pagiging** madasalin. | 1) Nakabubuo ng sariling panalangin para sa ikabubuti ng sarili at kapuwa.<br>2) Naipaliliwanag na ang pansariling panalangin ay paraan ng pakikipag-ugnayan upang maipahayag ang pagkilala, pasasalamat, at pagmamahal sa Diyos na naipakikita ang **pagigin** | 1) Naipakikita ang pagiging madasalin sa pamamagitan ng pagbabahagi ng sariling panalangin.<br>2) Napatutunayan na ang pansariling panalangin ay paraan ng pakikipag-ugnayan upang maipahayag ang pagkilala, pasasalamat, at pagmamahal sa Diyos.<br>3) Nakakikilala ng kahalagahan ng pansariling panalangin. | CATCH-UP FRIDAY |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **II.NILALAMAN/PAKSA** | **Pansariling Panalangin** | | | | |
| **III. Lilinanging Pagpapahalaga**<br>**(Values to be Developed)** | **Madasalin (Prayerful)** | | | | |
| **IV.. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | | |
| A. Mga Sanggunian | MATATAG GMRC 2 Curriculum Guide | MATATAG GMRC 2 Curriculum Guide | MATATAG GMRC 2 Curriculum Guide | MATATAG GMRC 2 Curriculum Guide | |
| B. Iba pang Kagamitan | Tisa at pisara<br>Learning Activity Sheets | Tisa at pisara<br>Learning Activity Sheets | Tisa at pisara<br>Learning Activity Sheets | Tisa at pisara<br>Learning Activity Sheets | |
| **V. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | | |
| **Panimulang Gawain** | **Pagbati:**<br>Batiin ang mga bata.<br>Sabihin: Magandang araw! Kumusta kayong lahat? Sana ay masaya kayo ngayong araw dahil tayo ay magkakasama na namang muli. Bago tayo magsimula sa ating klase ay umawit muna tayo. Humanap kayo ng inyong kapareha at ating awitin ang kantang ito na nakaharap sa ating kapareha.<br><br>**Awit (action song):**<br>*Kumusta ka?*<br>*Halina't magsaya (nakikipagkamay sa kapareha), pumalakpak, pumalakpak, ituro ang paa.*<br>*Padyak sa kanan, padyak sa kaliwa, umikot* | **Pagbati:**<br>Batiin ang mga bata.<br>Sabihin: Magandang Araw! Dahil ang pinag-usapan natin kahapon ay tungkol sa panalangin kaya tumayo ang lahat at tayo muna ay manalangin.<br>Sabay-sabay nating bigkasin ang panalanging ito.<br><br>***Pansariling Panalangin***<br>*Aking Diyos na Makapangyarihan sa lahat,*<br>*Pinupuri kita at sinasamba dahil sa Iyong mga gawa.*<br>*Maawaing Diyos, patawarin Mo po ako sa mga nagawa kong kasalanan.*<br>*Salamat po dahil ako ay Iyong iniingatan.* | **Pagbati:**<br>Batiin ang mga bata.<br>Sabihin: Magandang araw! Kumusta kayo? Muli ay sisimulan natin ang ating klase sa pamamagitan ng isang panalangin.<br>Pangungunahan ng guro ang panalangin.<br>**Gawain 1**<br>**Panuto: Pasagutan** ang bukas na tanong (**open-ended questions**) sa mga bata.<br>Ako si ___(Elena)____<br>Ang palayaw ko ay **________(Len)_________.**<br>Ako ay **(pitong)** taong gulang.<br>Ako ay **__(babae)_** (kasarian).<br>Ako ay magdarasal tuwing (**umaga o kapag ako ay nalulungkot**).<br>Sa tuwing ako ay nagdarasal, ang kausap ko ay ang **_(Diyos)_.** | **Pagbati:**<br>Batiin ang mga bata.<br>Sabihin: Magandang Araw! Magsitayo ang lahat at tayo ay aawit.<br>**Awit (action song):**<br>Mag-isip isip,<br>Isa, dalawa, tatlo!<br>Mag-isip isip,<br>Isa, dalawa, tatlo!<br>Mag-isip isip,<br>Isa, dalawa, tatlo!<br>Ikaw naman dito<br><br>Gawin ng tatlong beses na may iba't ibang tagapanguna (leader).<br>**Para sa Guro:** Iproseso ang isinagawang action song.<br>Ang Diyos ang ating tagapanguna (leader). Ibig ng Diyos na sundan natin ang Kanyang kalooban dahil ito ay nakalulugod sa Kanya. | Reading Intervention and Reading Enhancement |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | *ka, umikot ka, humanap ng iba!*<br>(Kapag sinabing humanap ng iba, dapat ay iba na ang kapareha ng mag-aaral.)<br>Ulitin ang awit hanggang tatlong beses | *Patuloy Mo po akong bigyan ng lakas at katalinuhan sa lahat ng aking ginagawa.*<br>Amen!<br>**Paala-ala sa guro:**<br>Kung may mga mag-aaral na iba ang gawi ng pananalangin ay igalang ito.<br>Isaalang-alang ang pagkakaiba-iba ng mga relihiyon at mga paraan ng<br>pananalangin ng mga mag aaral. | Ako ay **(masaya)** pagkatapos ko magdasal . | Ang pananalangin ay isang gawain na nakalulugod sa Diyos kaya marapat lang na huwag nating kalimutan | |
| **Gawaing Paglalahad ng Layunin**<br>**ng Aralin** | **Tanungin ang mga mag-aaral:**<br>1. Ano ang iyong damdamin habang umaawit ng *Kumusta Ka*?<br>2. May panahon ba na kayo ay naging malungkot?<br>3. Bakit kayo naging malungkot?<br>4. Ano ang ginagawa ninyo kapag kayo ay nalulungkot?<br><br>Isa sa pinakamainam na gawin natin kapag tayo ay nalulungkot ay ang **manalangin**. (Ipakita ang larawan ng mga bata na **nananalangin**.)<br><br>**Para sa Illustrator: Ito po ang makikita sa larawan**. Makikita sa | **Tanungin ang mga magaaral:**<br>Sino ang kausap natin sa ating panalangin?<br>Sa inyong palagay, mabuti ba na tayo ay nananalangin, bakit?<br><br>Ngayong araw ay aalamin pa natin ang mga mabuting bagay na dulot o resulta ng palagiang paglapit sa Diyos/Allah/Dakilang Lumikha sa pamamagitan ng panalangin.<br><br>Dapat rin nating maunawaan na ang pansariling panalangin ay paraan ng ating pakikipag-ugnayan upang maipahayag natin ang ating pagkilala, pasasalamat, at | **Sabihin sa mga mag-aaral**:<br>Nasubukan na ba ninyo na ipagdasal ang inyong mga magulang o tagapangalaga? Mga kapatid? Mga pinsan? Mga kaibigan? Ang ating bansa? Ang mga namumuno sa ating bansa?<br><br>Ngayong araw ay inaasahan na kayo ay makagagawa ng inyong sariling panalangin para sa ikabubuti ng inyong kapwa at siyempre ng inyong sarili. | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>Kaya ninyo na ba ang manguna sa pananalangin?<br><br>Ngayong araw ay ipakikita ninyo ang inyong pagiging madasalin sa pamamagitan ng pagbabahagi ng inyong sariling panalangin. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | larawan ang mga bata na nananalangin. May muslim, may nananalangin na nakabelo at mahaba ang damit (batang babae), may nakaluhod, meron ding nananalangin habang nakaupo sa wheelchair (inclusive) at may nananalangin kahit nakatayo.<br>Ngayong araw ay aalamin natin, una ay kung ano-ano ang mabuting idinudulot sa atin kung tayo **ay may pansariling panalangin**. Pangalawa, ay alamin din natin ang kahalagahan ng **pansariling panalangin**. | pagmamahal sa ating Diyos.<br>Sagutan natin ang susunod na gawain. | | | |
| **Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin** | **Sabihin sa mga magaaral.**<br>Sa pagkakataong ito ay bigyan natin ng kahulugan ang sumusunod na salita.<br>**Pag-iisip** ay proseso ng paggamit sa pag-unawa, pagbuo ng mga ideya, at mga katulad na gawaing kaugnay ng utak<br>**Damdamin o emosyon** (emotional) – anumang pakiramdam na nanggagaling sa puso halimbawa ay | **Gawain 1**<br><br>**Panuto**: Basahing mabuti ang bawat parirala na nasa kahon. Isipin kung ang nasa loob ng kahon ay naglalarawan ng mabuting dulot sa isang tao dahil sa pagiging madasalin. Isulat ang iyong napiling sagot sa hiwalay na sagutang papel. | **Sabihin sa mga mag-aaral.**<br><br>Ang pagdarasal para sa iba ay pagpapadama na tayo ay nagpapahalaga sa kanila.<br><br>Bilang pagmamahal sa Diyos/Allah/Dakilang Lumikha, maipakikita mo ang iyong pagiging madasalin.<br><br>Pumili sa sumusunod ng nais mong ipanalangin.<br>a.magulang/tagapangalaga<br>b. kapatid | **Para sa Guro:**<br>Ibigay ang LAS (Learners Activity Sheet) sa mga magaaral at pasagutan. Ipasulat ang sagot sa hiwalay na sagutang papel.<br><br>Ano ang panalangin mo para sa mga nabanggit?<br><br>a. Panalangin para sa bansa<br>________________<br>b.Panalangin para sa aking guro<br>________________ | |


| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | nararamdamang saloobin gaya ng tuwa, lungkot, galit at iba pa<br>**Pangangatawan** ay ang kaayusan at kalagayan ng katawan na nahihinggil sa lakas, kalusugan, atbp.<br>**Pakikipagkapuwa-tao** ay pakikipag-ugnayan o pakikihalubilo sa kapuwa tao | **May lakas ng loob at pag-asa na malagpasan ang problema sa buhay.**<br>**Maayos ang pakikitungo sa kapuwa.**<br>Laging galit at madalas ay sumisigaw.<br>Hindi tinatapos nang maayos ang mga sinimulang gawain.<br>May takot sa pagharap sa problema at umiiwas sa pananagutan. | c. kaibigan<br>d. kamag-aral<br>e. guro | c. Panalangin para sa Presidente ng Pilipinas<br>d. Panalangin para sa aking kamag-aral<br>e. Panalangin para sa iyong sarili | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | **Inspirado at ganado sa buhay.**<br><br>**Malakas ang pananampalataya sa Diyos.**<br><br>**Panatag at payapa ang kalooban.**<br><br>**Mapagpatawad sa kapuwa.**<br><br>Mahina ang loob.<br><br>**Mabuting tao.**<br><br>Palaging nag-aalala.<br><br>Ang isang tao na laging inuuna at binibigyang pansin ang pagdarasal sa araw-araw ay kakikitaan ng mga mabubuting gawi at asal kagaya ng sumusunod.<br>1. May lakas ng loob at pag-asa na malagpasan ang problema sa buhay.<br><br>2. Maayos ang pakikitungo sa kapwa.<br>3. Inspirado at ganado sa buhay.<br>4. Malakas ang pananampalataya sa Diyos. | | | |

<table>
<tr><td></td><td></td><td>5. Panatag at payapa ang kalooban.<br>6. Mapagpatawad sa kapwa.<br>7. Mabuting tao.<br><br>Paalala sa Guro: Ang mga ito ay ilan lamang sa mga mabubuting naidudulot sa atin ng pagiging madasalin.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td colspan="5">Habang Itinuturo ang Aralin</td><td></td></tr>
<tr><td>Pagbasa sa Mahahalagang<br>Pag-unawa/Susing Ideya</td><td>Gawain 1<br>Picture Analysis<br>Gamit ang larawang nabanggit kanina (balikan ang larawan na ginamit kanina), pasagutan sa mga bata ang mga gabay na tanong:<br>1. Ano ang ginagawa ng mga bata sa larawan?<br>2. Paano nananalangin ang mga bata sa larawan? (Tahimik, nakapikit ang mga mata, nakatungo ang ulo, hindi nakikipagkwentuhan sa katabi, ang iba ay nakaluhod pa.)<br>3. Sa inyong palagay, sino ang kinakausap nila sa kanilang panalangin? (Diyos/Allah/Dakilang Lumikha)</td><td>Sabihin sa mga bata:<br><br>Unawain natin ang ibig sabihin ng mga salitang ito.<br>Lakas ng loob ay ang hindi pagsuko sa pagsubok ng buhay.<br><br>Pag-asa ay ang paniniwala sa inaasahang bagay o pangyayari.<br>Inspirado ay isang tao na may damdaming masigla at ganado.<br><br>Panatag ay damdamin ng walang pag-aalala.<br><br>Mabuting tao ay mabait at pinipiling gumawa ng bagay na tama.</td><td>Gawain 2:<br><br>Naisip mo na ba kung sino ang iyong mga ipananalangin? Ano ang panalangin mo para sa kanila?<br><br>Maghanda sa pagbabahagi ng iyong sagot sa klase.</td><td>Gawain:<br>Gamit ang LAS na ibinigay ng guro sa mga bata, ang bawat bata ay inaasahan na magbabasa ng kanyang panalangin sa harapan ng klase.<br><br>Paalala sa Guro:<br>Walang tama o maling panalangin dahil ito ay kapahayagan ng kanilang pagkaunawa sa kahulugan ng panalangin.<br>Bigyan ng diin na ang Diyos ay nalulugod sa taong mapanalanginin.</td><td></td></tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 4. Nasubukan niyo na ba ang manalangin? (Opo)<br>**Gawain 2**<br>**Think-Pair-Share**<br>Magkaroon ng dyad at magbahaginan ang dalawang bata. Pagkatapos ay tumawag ng isang mag-aaral na mag-uulat tungkol sa kanilang napag-usapan na kasagutan sa tanong sa inilahad. **Mga Tanong:**<br>1. Bakit tayo nananalangin? (Para kausapin ang Diyos sa pamamagitan ng panalangin, para magpasalamat sa Diyos, para maipakita natin ang ating pagmamahal sa Diyos sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa Kanya.)<br>2. Ano ang inyong nararamdaman o damdamin pagkatapos ninyong manalangin? (Bigyan ng diin ang magandang epekto ng pananalangin.)<br>3. Paano ka manalangin?<br>4. Tuwing kailan ka nananalangin? | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 5. Ano ang magandang naidudulot sa iyo ng pananalangin? | | | | |
| **Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya** | **Gawain 3**<br>**Graphic Organizer**<br><br>Gamit ang graphic organizer na hugis bulaklak, ipasulat sa bata ang kanyang pangalan sa gitnang bahagi ng bulaklak.<br><br>**Itanong**: Ano-ano ang mga mabubuting bagay ang idinudulot sa iyo ng pananalangin?<br>1. Sa iyong pag-iisip (mental/psychological)<br>2. Sa iyong damdamin o emosyon (emotional)<br>3. Sa iyong pangangatawan (physical) 4.<br>Sa iyong pakikipagkapwa-tao (social)<br>5. Sa iba pang bagay (others)<br><br>Isulat ang sagot sa bawat talulot (petal) ng bulaklak sa larawan. | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br><br>Ikaw ba ay isang batang madalas manalangin? Kung ganun ay alin sa mga nabanggit ang katangian na meron ka?<br><br>✓ Malakas ang loob<br>✓ May pag-asa sa buhay<br>✓ Inspirado<br>✓ Panatag<br>✓ Isang mabuting mag-aaral | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br><br>Sino sa inyo ang gustong ibahagi ang kanilang panalangin para sa mga taong napili ninyo?<br><br>Tumawag ng isa o dalawang mag-aaral para basahin ang kanilang sagot sa harapan ng klase. Iproseso ang kanilang sagot. | **Gawain 2**<br>Isulat sa patlang ang gusto mong ipanalangin para sa mga nabanggit. Isulat ang sagot sa hiwalay na sagutang papel.<br>1. Sa tagalinis ng ating paaralan<br>________________<br>2. Sa iyong kalaro<br>________________<br>3. Sa iyong pinsan<br>________________<br>4. Sa mga kumukuha ng basura ng paaralan<br>________________<br>5. Sa iyong pagsusulit sa susunod na araw<br>________________ | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| |  Tumawag ng isa o dalawang bata na gustong magbahagi ng kanilang mga kasagutan sa harapan ng klase.<br><br>Sa illustrator, ganito po ang itsura ng flower organizer na gagamitin. Sulatan lang po ng salitang **Pangalan** sa gitna kung saan magsusulat ng pangalan ang bata. Ito naman po ang mga salita na ilalagay sa mga talulot – **Pag-iisip**, **Damdamin**, **Pangangatawan**, **Pakikipagkapwa-tao**, **Ibang bagay.** TY po. | | | | |
| **Pagpapalalim ng Kaalaman**<br>**at Kasanayan sa Mahahalagang**<br>**Pag-unawa/Susing Ideya** | Basahin sa klase ang panalanging ito bilang halimbawa.<br>*Paala-ala sa guro: Kung may mga magaaral na iba ang gawi ng pananalangin ay igalang ito. Isaalangalang ang pagkakaiba-iba ng mga relihiyon at mga paraan* | Alin sa mga nabanggit sa itaas ang meron ka? Magbigay ng isang situwasyon na nagpapakita ng pinili mong katangian. Isulat ang sagot sa hiwalay na sagutang papel.<br><br>Maghanda sa pagbabahagi ng iyong | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br><br>Maghanap ng kapareha at sikaping maipanalangin ninyo ang bawat isa.<br><br>Maghanda sa pagbabahagi ng iyong sagot sa harap ng klase. | **Gawain 3**<br>**Panuto**: Kung ikaw ay mananalangin ng pasasalamat sa Diyos, ano ang ipagpapasalamat mo para sa mga nabanggit na situwasyon? Isulat ang sagot sa patlang.<br><br>1. May bahay ka na inuuwian. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | *ng pananalangin ng mga mag-aaral*<br><br>***Pansariling Panalangin***<br><br>*Aking Diyos na Makapangyarihan sa lahat,*<br>*Pinupuri kita at sinasamba dahil sa Iyong mga gawa.*<br><br>*Maawaing Diyos, patawarin Mo po ako sa mga nagawa kong kasalanan.*<br><br>*Salamat po dahil ako ay Iyong iniingatan.*<br><br>*Patuloy Mo po akong bigyan ng lakas at katalinuhan sa lahat ng aking ginagawa.*<br>*Amen!*<br><br>**Sabihin sa mga magaaral:**<br>1.Ano ang iyong damdamin pagkatapos mong sabihin ang panalangin?<br>.2. May mabuting dulot ba sa iyo ang ganitong panalangin? | sagot sa harap ng klase. | | 2. May pagkain sa inyong lamesa sa bahay.<br><br>3. May pamilya ka na kasama mo sa pagtulog.<br>__________<br>4. May damit ka na isinusuot sa araw-araw.<br>__________<br>5. May mga kalaro ka sa inyong lugar.<br>__________ | |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | | |
| **Paglalapat at Paglalahat** | **Gawain 4** | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>Ano-ano ang ugali ng | **Para sa Guro:**<br>**Itanong** – Bakit kailangan nating manalangin? | **Gawain 4**<br>**Pasagutan** ang bukas na tanong (**open-ended** | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | **Pasagutan** ang bukas na tanong (**open-ended questions**) sa mga bata.<br>Ako si ___(Elena)____.<br>Ang palayaw ko ay ________(Len)_________.<br>Ako ay (pitong) taong gulang.<br>Ako ay __(babae)_ (kasarian).<br>Ako ay magdarasal tuwing (umaga o kapag ako ay nalulungkot).<br>Sa tuwing ako ay nagdarasal, ang kausap ko ay ang _(Diyos/ Allah/Dakilang Lumikha)_.<br>Ako ay (masaya) pagkatapos ko magdasal. | isang taong madalas manalangin? | (Asahan ang iba't ibang sagot ng bata.)<br>**Mga Dahilan:** (Ito ay ilan lamang sa mga kasagutan. Maaari pang magdagdag ang guro.)<br>1. Gusto ng Diyos na makipag-usap tayo lagi sa Kanya.<br>2. Ang pananalangin ay paraan natin para mapalapít sa Diyos.<br>3. Ang pananalangin ay paraan ng pagpapahayag ng pagmamahal sa ating Diyos | **questions**) sa mga bata.<br>Ako si ___(Rodrigo)____.<br>Ang palayaw ko ay ________(Rod)_________. Ako ay (pitong) taong gulang.<br>Ako ay __(lalaki)_ (kasarian).<br>Ako ay magdarasal tuwing (umaga o kapag ako ay nalulungkot).<br>Sa tuwing ako ay nagdarasal, ang kausap ko ay ang _(Diyos)_.<br>Ako ay (masaya) pagkatapos ko magdasal. | |
| **Pagtataya ng Natutuhan** | **Gawain 5**<br>**Thumbs Up, Thumbs Down**<br>**Paalala sa Guro:** Ito ay gawaing **pasalita**. Ang lahat ng mga bata ay inaasahang makikilahok.<br><br>**Panuto:** Ipakita ang simbulo ng **Thumbs up** kung ang pangungusap ay **tama**. **Thumbs down** naman ang ipakita kung ang pangungusap ay **hindi wasto**.<br>1. Ang pagdarasal ay pakikipag-usap sa kapatid. (Thumbs down) | **Gawain 2**<br>**Panuto:** Piliin ang situwasyon na nagpapakita ng mabuting dulot ng palagiang pananalangin. Isulat ang pangungusap ng inyong sagot sa hiwalay na sagutang papel.<br><br>**1. Ang kaklase ko ay tahimik lang kahit laging ginugulo ng katabi niya.**<br>**2**. Palagi siyang nagsasalita ng hindi maganda kaya siya ay maraming kagalit. | **Gawain 3**<br>**Panuto:** Iguhit ang **masayang mukha** kung ang sitwasyon ay **tama** at **malungkot na mukha** kung ang sitwasyon ay **hindi tama** Ilagay ang sagot sa hiwalay na sagutang papel.<br>1. Ako ay palaging magdarasal sapagkat ito ay kalooban ng Diyos.<br>2. May mali sa kanyang panalangin kaya siya ay pinagtawanan.<br>3. Ipinagdasal ko ang aking kaibigan na gumaling sa kanyang karamdaman.<br>4. Ipinagdasal ko ang Pangulo ng Pilipinas na | **Gawain 5**<br>**Panuto:** Basahing mabuti ang mga tanong. Isulat ang tamang letrang sagot sa sagutang papel.<br>1. Ang iyong ama ay nagtatrabaho sa ibang bansa. Ano ang dapat na panalangin sa kanya?<br>a. Sana ay magpadala sya ng maraming tsokolate.<br>b. Sana ay umuwi na sya.<br>c. Sana ay ingatan siya ng Diyos.<br>d. Sana ay magkaroon siya ng maraming | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 2. Ang pagdarasal ay nakakapagpakalma ng damdamin. (Thumbs up)<br>3. Ang pagdarasal ay isang paraan ng pagpapasalamat sa Diyos. (Thumbs up)<br>4. Maaaring magdasal kahit saang lugar. (Thumbs up)<br>5. Nakakapagbigay ng problema ang pagdarasal. (Thumbs down)<br>6. Mas mainam ang matulog kaysa sa magdasal. (Thumbs | **3. Maaga siyang pumapasok sa klase at hindi umaabsent.**<br>**4**. **Sa lahat ng cleaners sa aming klase, silang magkaibigan lamang ang laging naglilinis.**<br>**5.** Ayaw na niyang mag-aral dahil luma na ang kanyang uniporme ako. | siya ay pagkalooban ng Magandang kalusugan.<br>5. Tinatamad na akong magdasal dahil inaantok na ako | kaibigan sa ibang bansa.<br>2. Nalulungkot ang iyong kaibigan dahil nawala ang kanyang alagang aso. Ano ang dapat na panalangin sa kanya?<br>a. Sana ay makita na ang nawawala niyang aso.<br>b. Sana ay may magbigay sa kanya ng pusa.<br>c. Sana ay huwag na syang malungkot.<br>d. Sana ay mapalitan na ang aso niya.<br>3. Malapit na ang Araw ng Palaro. Isa kang basketball player ngunit wala ka pang uniporme. Ano ang dapat na panalangin dito?<br>a. Sana ay hindi na sya paglaruin ng kanilang coach.<br>b. Sana ay may magbigay sa kanya ng libreng uniporme.<br>c. Sana ay hindi na matuloy<br><br>a. Sana ay mapalitan na ang aso niya.<br><br>3. Malapit na ang Araw ng Palaro. Isa kang basketball player ngunit wala ka pang uniporme. Ano ang | |

<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td></td>
<td></td>
<td>dapat na panalangin dito?<br>a. Sana ay hindi na sya paglaruin ng kanilang coach.<br>b. Sana ay may magbigay sa kanya ng libreng uniporme.<br>Sana ay hindi na matuloy ang Araw ng Palaro<br>d. Sana ay wala na lang uniporme.</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa<br>Remediation (kung nararapat)</td>
<td>Sabihin sa mga magaaral<br><br>Sa ating naging talakayan at gawain sa araw na ito. Ano ang inyong natutuhan?</td>
<td>Gawain 3<br>Panuto: Isulat kung Tama o Mali ang sitwasyon. Ilagay ang sagot sa hiwalay na sagutang papel.<br>1. Nagbibigay ng panahon para magdasal.<br>2. Nagdarasal bago kumain bilang pasasalamat.<br>3. Natutulog sa simbahan kapag nagsisimba.<br>4. Ipinagdarasal ang mga magulang.<br>5. Ayaw alamin kung paano ang magdasal.</td>
<td>Sabihin sa mga mag-aaral:<br><br>Bakit gusto mong manalangin?<br><br>Paano mo maipakikita ang pagiging madasalin?<br>Ipaliwanag.?</td>
<td>Gawain 6<br>Panuto:<br>Hanapin ang labinlimang salita na may kaugnayan sa pansariling panalangin.Isulat ang sagot sa hiwalay na sagutang papel.
<table>
<tr><td>L</td><td>R</td><td>M</td><td>A</td><td>P</td><td>E</td><td>P</td><td>A</td><td>G</td><td>S</td><td>A</td><td>M</td><td>B</td><td>A</td><td>S</td><td>A</td></tr>
<tr><td>I</td><td>A</td><td>G</td><td>D</td><td>A</td><td>S</td><td>A</td><td>L</td><td>I</td><td>B</td><td>A</td><td>K</td><td>R</td><td>A</td><td>B</td><td>I</td></tr>
<tr><td>L</td><td>G</td><td>Y</td><td>T</td><td>N</td><td>U</td><td>Y</td><td>A</td><td>P</td><td>A</td><td>S</td><td>A</td><td>L</td><td>A</td><td>M</td><td>A</td></tr>
<tr><td>P</td><td>A</td><td>G</td><td>M</td><td>A</td><td>M</td><td>A</td><td>H</td><td>A</td><td>L</td><td>A</td><td>P</td><td>L</td><td>K</td><td>K</td><td>A</td></tr>
<tr><td>I</td><td>N</td><td>A</td><td>A</td><td>L</td><td>R</td><td>P</td><td>T</td><td>G</td><td>U</td><td>A</td><td>W</td><td>A</td><td>S</td><td>O</td><td>N</td></tr>
<tr><td>N</td><td>A</td><td>N</td><td>O</td><td>A</td><td>A</td><td>A</td><td>U</td><td>H</td><td>T</td><td>P</td><td>A</td><td>G</td><td>S</td><td>A</td><td>M</td></tr>
<tr><td>U</td><td>D</td><td>A</td><td>L</td><td>N</td><td>O</td><td>S</td><td>C</td><td>I</td><td>A</td><td>R</td><td>A</td><td>T</td><td>U</td><td>A</td><td>O</td></tr>
<tr><td>N</td><td>O</td><td>A</td><td>A</td><td>G</td><td>S</td><td>A</td><td>L</td><td>L</td><td>R</td><td>A</td><td>B</td><td>I</td><td>D</td><td>L</td><td>A</td></tr>
<tr><td>O</td><td>S</td><td>A</td><td>R</td><td>I</td><td>L</td><td>I</td><td>E</td><td>I</td><td>N</td><td>G</td><td>A</td><td>T</td><td>A</td><td>N</td><td>S</td></tr>
<tr><td>A</td><td>E</td><td>R</td><td>A</td><td>N</td><td>S</td><td>P</td><td>A</td><td>N</td><td>A</td><td>T</td><td>A</td><td>G</td><td>N</td><td>I</td><td>P</td></tr>
<tr><td>N</td><td>A</td><td>D</td><td>O</td><td>L</td><td>L</td><td>E</td><td>N</td><td>G</td><td>A</td><td>N</td><td>A</td><td>D</td><td>O</td><td>O</td><td>R</td></tr>
</table>
1. PAGSAMBA<br>2. PAYAPA<br>3. DASAL<br>4. PASALAMAT<br>5. KAPWA<br>6. PAGMAMAHAL<br>7. PANALANGIN<br>8. SARILI<br>9. PANATAG<br>10. PAGHILING<br>11. PAGSAMO<br>12. INGATAN</td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | 13. GANADO<br>14. MODELO<br>15. PINUNO | |
| **Mga Tala** | | | | | |
| **Repleksiyon** | | 1.Ang<br>maaa<br>kaka<br>kaan<br>kaga<br>iba p<br>2.Ma<br>pagp<br>mada<br>3.Ang<br>pagta<br>mabi<br>mapa<br>ng an<br>mga<br>pamp<br>pang | | | |

FOR TEACHE
NOT FOR

**Inihanda ni:** **Nirebyu ni:** **Pinagtibay ni:**

**Guro** **Master Teacher / Head Teacher** **School Head**